**Pamagat**: Pagiging Kaibigan ng Diyos

**Teksto**: "13 Greater love hath no man than this, that a man lay down his life for his friends.
14 Ye are my friends, if ye do whatsoever I command you." (John 15:13-14)

Pagsasalin: (v.13) Walang may higit na dakilang pagibig na tao kaysa rito, na ang isang tao ay mag-alay ng kanyang buhay para sa kanyang mga kaibigan. (v.14) Kayo ay aking mga kaibigan, kung gagawin ninyo ang anumang iniuutos ko sa inyo. (Juan 15:13-14)

**Panimula**:

1. Wala na tayong iba pang dakilang kaibigan kundi ang Panginoong Jesu-Cristo. Tunay nga na siya ay kaibigan ng mga makasalanan (Mateo 11:19, Lucas 7:34).
2. Ang pagiging magkaibigan ay hindi po isang panig lamang kundi ito ay para sa isa't isa.
3. Sa mensahe nating meyroon tayong dalwang punto, una: Paano tayo maaring maging kaibigan ng Panginoon, at pangalawa: Ano ang kahulugan nitong pagiging kaibigan ng Diyos.

**I. Paano Tayo Maaring Magin Kaibigan ng Panginoon**.

1. Ang karaniwang tao ay hindi po kaibigan ng Panginoon. (Roma 8:7; Colosas 1:21; Santiago 4:4).
2. Ang ating mga kasalanan ay naghihiwalay sa atin mula sa Diyos.
3. Gumawa ng paraan ang Diyos, upang tanggalin ang ating mga kasalanan. (Roma 5:10; 5:8)
4. Ang mga makasalanang tao ay hindi magiging kaibigan niya hanggat palitan niya ang kanilang puso. (Ezekiel 36:26)
5. Pinalitan ng Diyos ang ating puso, noong iniligtas tayo sa biyaya ng Diyos.

**II. Ano ang Kahulugan nitong Pagiging Kaibigan ng Diyos**.

1. Tayo ay hindi lamang kanyang mga alipin.
2. Tayo ay pwedeng lumapit sa Kanya.
3. Tayo ay may kapatawaran at pagmamahal sa Kanya.
4. Tayo ay pinagpala ng Panginoon.
5. Pinakamataas na karangalan na tawagin tayo na kaibigan ng Diyos. (Sanitago 2:23)
6. Ang pagiging kaibigan ng Panginoon ay hindi makukuha sa kayamanan o antas kundi, ito ay sa pagigingmasunurin sa kanyang mga iniuutos.
    a. Patuloy o walang tingil na pagsunod.
    b. Pangkalahatan o buong buo ang pagsunod.
    c. Bunga ng pag-ibig at pagkakaibigan.

**Katapusan**:

1. Malaking biyaya ang na magdusa habang sumusunod sa mga kautusan ng Diyos.
2. Malaking pribelehiyo at masdakila kay sa opinion ng mundo ang maging kaibigan ng Panginoon.
3. Ang resulta ng pagsunod sa Diyos ay pag-aari ng Diyos.
4. Ang grasya ng pagiging kaibigan ng Diyos ang magtuturo sa inyo kung papaano sumunod sa lahat ng kautusan ng Dyios.
5. Tanonging moa ng iyong sarili – ito bang ginagawa ko, ito ba ay humihikayat ng pagiging kaibigan ng Panginoong Jesu-Cristo? At kung ang sagot mo ay tunay na Opo. Ikaw ay tiyak na pagpapalain ng Panginoon.